Alert.seattle.gov/winterstorm [Alert.seattle.gov/bagyosataglamig]

Ang Mga Pangyayari: Kasalukuyang apektado ang palibot ng Seattle ng mabagsik na panahon sa taglamig. Maaaring pahirapan ng niyebe at lamig ang rutinang transportasyon, ang kakayahan ng mga sasakyang pang-emerhensiyang lumibot, at bigyan ng mga komplikasyon ang mga taong may mga nagpapatuloy na problema sa kalusugan. Maaring magyelo ang mga tubo sa bahay kapag napahaba ang lamig at magkaroon ng pinsala dahil sa tubig (water damage) ang mga bahay at apartment.

Ano ang dapat gawin:

- Magsuot ng maraming patong ng damit upang manatiling mainit at siguruhin na tuyo ang damit. Magsuot ng sombrero upang hindi mawalan ng init ang katawan.
- Gumamit ng de-icer upang matunaw ang yelo sa mga nilalakaran (walkway) at driveway.
- Mag-imbak ng pagkain at panustos – maaaring matagalan ang mga tindahan sa pag-imbak ng karagdagang paninda.
- Huwag magtrabaho nang sobra kapag nagpapala ng niyebe. Itulak – huwag buhatin - ang niyebe kapag posible.
- Kapag sumasakay sa pampublikong sasakyan, asahan na maaantala kayo at magkakaroon ng mga pagbabago ang mga regular na transit route.
- Maghanda para sa mga blackout at mag-ingat kapag gumagamit ng ibang paraan upang magpainit.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://www.seattle.gov/emergency-management/what-if/hazards/snow-ice-and-extreme-cold

http://www.seattle.gov/light/sysstat/

http://www.ready.gov/winter-weather

http://www.redcross.org/prepare/disaster/winter-storm